# Mga katanungan? Nandito kami para tumulong sa inyo!

**Department of Elections**
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

Email: ***sfvote@sfgov.org***
Phone: (415) 554-4375
Fax: (415) 554-7344
TTY: (415) 554-4386

中文: (415) 554-4367
Español: (415) 554-4366
Filipino: (415) 554-4310

**sfelections.org**


/ sfelections

# Mga paraan para matutunan ang tungkol sa RCV at magpraktis nito

1. Magpraktis ngayon sa pagraranggo ng inyong paboritong kandidato →
2. Gamitin ang tool sa pag-praktis ng RCV sa ***sfelections.org/rcv***
3. Sumangguni sa impormasyon tungkol sa RCV sa inyong Pamplet para sa Botante.
4. Alamin ang tungkol sa RCV sa insert na nakalakip sa inyong balota sa koreo.
5. Suriin ang mga instruksiyon sa RCV sa inyong balota bago markahan ang inyong mga napili.

## Balotang Pang-demonstrasyon

**INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE**



Use a pen with black or blue ink.

Fill in the oval to rank candidates in the order of your choice.
- In the 1st column, select your 1st choice candidate.
- In the 2nd column, select your 2nd choice candidate.
- In the 3rd column, select your 3rd choice candidate, and so on.

Do not fill in more than one oval in the same column.
Do not fill in more than one oval in the same row.

You may rank as many or as few candidates as you like. If there are fewer than three candidates for an office, you may mark your choice or choices and leave the remaining columns blank.

To vote for a qualified write-in candidate, write the candidate's name in the space at the end of the candidate list and fill in the oval for the rank.

If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng panulat na itim o asul ang tinta.

Punan ang oval para mabigyan ng ranggo ang mga kandidato ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong pinili.
- Sa ika-1 kolum, piliin ang inyong ika-1 piniling kandidato.
- Sa ika-2 kolum, piliin ang inyong ika-2 piniling kandidato.
- Sa ika-3 kolum, piliin ang inyong ika-3 piniling kandidato, at iba pa.

Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong kolum.
Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong hilera.

Maaari kayong magbigay ng ranggo nang kahit gaano karami o kakaunti sa mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan. Kung mas kaunti sa tatlong kandidato ang para sa isang katungkulan, maaari ninyong markahan ang inyong pinili o mga pinili at iwanang blangko ang natitirang mga kolum.

Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval para sa ranggo nito.

Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

**FAVORITE VEGETABLE**
**PABORITONG GULAY**

Rank up to 5 candidates. Fill in no more than 1 oval in each column.
Magranggo nang hanggang sa limang mga kandidato. Punan ang hindi hihigit sa isang oval sa bawat hanay.

| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili | 4th Choice Ika-4 Pinili | 5th Choice Ika-5 Pinili |
|---|---|---|---|---|---|
| PEPPER<br>SILI | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| BROCCOLI<br>BROKOLI | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| CARROT<br>ASANORYA | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| SPINACH<br>ESPINAKA | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| ONION<br>SIBUYAS | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

# PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG PAGRARANGGO

## ★ sa San Francisco ★

**Gumagamit ang mga botante ng San Francisco ng pagboto sa pamamagitan ng pagraranggo (ranked-choice voting, RCV) sa paghalal para sa maraming mga lokal na katungkulan.**

**Pinapayagan ng RCV ang mga botante na iranggo ang mga kandidato ayon sa gusto nilang pagkakasunud-sunod.**

**Alamin ang higit pa, sa loob! ➔**



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

# Pagmamarka sa isang Labanang RCV

**Simula sa kaliwang bahagi, punan ang isang oval sa bawat hanay:**

Markahan ang **unang hanay** para sa inyong unang napiling kandidato

Markahan ang **ikalawang hanay** para sa inyong pangalawang napiling kandidato

Markahan ang **ikatlong hanay** para sa inyong pangatlong napiling kandidato


At patuloy pa ...

| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili | 4th Choice Ika-4 Pinili | 5th Choice Ika-5 Pinili |
|---|---|---|---|---|---|
| Pepper Sili | ○ | ○ | ○ | ○ | ● |
| Broccoli Brokoli | ● | ○ | ○ | ○ | ○ |
| Carrot Asanorya | ○ | ○ | ● | ○ | ○ |
| Spinach Espinaka | ○ | ● | ○ | ○ | ○ |
| Onion Sibuyas | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| *Corn* | ○ | ○ | ○ | ● | ○ |


Para bumoto para sa isang isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval para sa ranggo.

# Mga Tip sa Pagraranggo


**Maaari kayong magranggo ng gaano man karaming kandidatong gusto ninyo, na abot hanggang 10.**



Hindi ninyo kailangang rangguhan ang lahat ng mga kandidato. (Maaari ninyong iwang blangko ang mga hanay.)



Huwag punan ang higit sa isang oval bawat hanay. Hindi namin mabibilang ang alinman sa botong iyon.




Huwag rangguhan ang parehong kandidato nang maraming beses. Mabibilang lamang namin ang inyong unang pagranggo at babalewalain ang lahat ng iba pa.

# Paano ang Pagbibilang sa mga Labanang RCV

*Labanan para sa Paboritong Gulay*

**Nagsisimula kami sa pamamagitan ng pagbibilang sa lahat ng mga unang-pili na mga boto.**

**Kung nakatanggap ang sinumang kandidato ng majority o mayorya ng mga boto (50%+1), panalo ang kandidatong iyon.**





*Nanalo ang Brokoli dahil nakatanggap ang Brokoli ng mayorya ng mga boto (55%).*

**Paano kung walang kandidato ang nakatanggap ng mayorya ng unang-pili na mga boto?**


**Tatanggalin namin ang kandidato na may pinakamababang bilang ng mga boto.**

Kung binoto ninyo ang natanggal na kandidato, pupunta ang boto ninyo para sa inyong pangalawang napili.




*Ang gulay na nasa huling puwesto (Asanorya) ay tanggal na. Pupunta ang boto para sa pangalawang napili ng mga botanteng pumili ng Asanorya bilang kanilang unang napili.*

**Bibilangin naming muli ang mga boto. Kung mayroon na ngayong kandidato na may mayorya ng mga boto, panalo ang kandidatong iyon.**




*Bibilanging muli ang mga boto. Ngayon ay panalo na ang Sili dahil ang Sili ang nakakuha ng mayorya ng mga boto.*

**Paano kung wala pa ring nanalo (walang kandidato ang may mayorya)?**

**Magpapatuloy ang proseso ng pagtanggal sa (mga) kandidatong may pinakamababang bilang ng mga boto hanggang sa mayroong kandidatong may mayorya.**

Tingnan ang mga resulta ng eleksyon sa ***sfelections.org/results***